


# PAGTATALAGA NG BANSA SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA

## PAGGUNITA SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA

Sabado, ika-8 ng Hunyo 2013

# MGA NILALAMAN

PAGSISIYAM SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA
**1**

PAGMIMISA SA
PAGGUNITA SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA
**17**

---

Booklet prepared by the

**ARCHDIOCESAN LITURGICAL COMMISSION, MANILA**

Booklet layout and arrangement of the Mass
**JOHN JEFFREY VELASCO**

Translation to Tagalog prepared by:
**REV. FR. FRANCIS CARSON**



# PAGSISIYAM SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA

## 1 Pambungad na Awit sa Mahal na Birhen

Namumuno: **Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo ...**

## 2 Pambungad na Panalangin sa araw-araw

Namumuno: **Manalangin tayo.**

Lahat: **Kabanal-banalang Santatlo: Ama, Anak at Espiritu Santo,
isinugo mo ang Anghel ng Kapayapaan
upang ihayag sa amin na ang mga Puso nina Hesus at Maria
ay may dalang habag para sa amin.
Buong pagtitiwala kaming dumudulog sa iyong trono ng awa at biyaya.**

**Ginagawa namin ang pagsisiyam na ito
bilang pagtupad sa iyong nais doon sa Fatima
na ganapin ang debosyon sa Kalinis-linisang Puso ni Maria
kaugnay ng debosyon sa Kamahal-mahalang Puso ni Hesus.**

**Hesus at Maria, mga puso ninyo'y aming tinutunghayan
at nagpupuri kami sa Ama,
dahil sa inyo, nakikita namin kung gaano kami kamahal
nang nagsugo sa Kanyang bugtong na Anak
isinilang ng isang babae upang maging aming Tagapagligtas.**

**Hesus at Maria, ang kasalan sa Cana, Galilea
ay isang sulyap sa inyong mga pusong puno ng habag,
laging pinagtitibay ang aming pananalig, pag-asa at pag-ibig.
Hesus at Maria, sa Kalbaryo mga puso ninyo'y nagkaisa sa pagpintig
sa ganap na pagsunod at pagsuko sa plano ng Diyos
para sa aming katubusan.**

**Ngayon sa kaluwalhatian kami'y inyong pinamamagitan
upang aming kamtan
biyaya ng liwanag at habag
na aming kinakailangan.**

**O Banal na Puso ni Hesus,
Tanging Panginoon at Manunubos,
nawa ang iyong kaharian ng katotohanan at buhay,
ng kabanalan at biyaya,
ng katarungan, kapayapaan at pagmamahal
ngayon ay mapasadaigdig.**

**Ubod linis na Puso ni Maria,
maging aming sanggalang sa mga kalaban at panganib,
pagtagumpayan ang aming mga takot, hirap, kahinaan,
tukso at kawalan ng katapatan.
Tipunin kami sa paghahari ng iyong Anak,
kasama ng Ama at ng Espiritu Santo,
magpasawalang hanggan. Amen.**

## 3 Pang-araw-araw na Intensyon/Mga Panalangin

### Unang Araw: Para sa Simbahang Katolika

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,
O Mahal naming Inang Maria,
ang aming Banal na Papa Francisco,
ang aming mga Obispo, Kaparian at mga Relihiyoso
at mga laykong namumuno sa pamayanan.
Samahan mo sila, tulad nang mga unang alagad.
Hubugin mo ang kanilang mga buhay kay Hesus sa Banal na Eukaristiya
upang makapaglingkod sila sa Simbahan nang may higit na katapatan,
sa mga mahihirap nang may higit na kababaang loob
at sa Panginoon nang may higit na pagmamahal. Amen.**

Pagbasa: Gawa 2: 42- 47, 4: 32-35

**Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol**

**Ang mga kapatid ay nanatili sa itinuro ng mga apostol,
sa pagsasama-sama bilang magkakapatid,
sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.**

**Dahil sa maraming himalang nagawa sa pamamagitan ng mga apostol,
naghari sa lahat ang magkahalong pitagan at takot.
At nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya
at para sa lahat ang kanilang ari-arian.
Ipinagbibili nila ito at ang pinagbilhan
ay ipinamamahagi sa lahat ayon sa pangangailangan ng bawat isa.
Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa templo,
naghahati-hati ng tinapay sa kanilang tahanan,
at nagsasalu-salong masaya ang kalooban.
Nagpupuri sila sa Diyos at kinalulugdan ng lahat ng tao.
Bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.**

**Nagkaisa ang damdami't isipan ng lahat ng sumasampalataya
at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian,
kundi para sa lahat.
Ang mga apostol ay patuloy na gumagawa ng kababalaghan**

**at nagpapatotoo sa muling pagkabuhay ng Panginoong Hesus.**
**At ibinuhos ng Diyos ang kanyang pagpapala sa kanilang lahat.**
**Walang nagdarahop sa kanila,**
**sapagkat ipinagbibili nila ang kanilang lupa o bahay,**
**at ang pinagbilhan ay ibinibigay sa mga apostol.**
**Ipinamamamahagi naman ito ayon sa pangangailangan ng bawat isa.**

**Ang Salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat:

**Salamat sa Diyos.**

## Ikalawang Araw: Para sa mga namumuno sa pamahalaan at mga lingkod-bayan

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang mga namumuno sa pamahalaan at mga lingkod-bayan,**
**at iba pang naglilingkod sa mga tanggapang pampubliko,**
**ang mga Pulis at mga nasa hukbong sandatahan.**
**Ingatan mo sila sa iyong pagmamahal**
**sapagkat sila rin ay iyong mga anak**
**at nangangalaga sa aming katiwasayan.**
**Hinihiling namin na ipamagitan mo sila**
**at gabayan sa pagsunod sa mga pamamaraan ng Diyos**
**sa katarungan, katotohanan at tamang pagpapasya. Amen.**

Pagbasa: Santiago 3: 13-18

**Pagbasa mula sa sulat ni Santiago**

**Mga pinakamamahal,**
**sino sa inyo ang marunong at nakauunawa?**
**Ipakita ninyo ito sa pamamagitan ng wastong pamumuhay**
**na bunga ng kapakumbabaan at karunungan.**
**Ngunit kung ang naghahari sa inyong puso**
**ay inggit at makasariling hangarin,**
**huwag ninyo iyang ipagmalaki**
**at huwag ninyong pabulaanan ang katotohanan.**
**Hindi galing sa Diyos ang ganyang karunungan,**
**kundi mula sa diyablo — makasanlibutan at makalaman.**

**Sapagkat saanman naghahari ang inggit at makasariling hangarin,**
**maghahari din doon ang kaguluhan at lahat ng uri ng masamang gawa.**
**Ngunit ang may karunungang mula sa Diyos,**
**una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay.**
**Siya'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon,**
**mapagbigay, mahahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti,**
**hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari.**
**At namumunga ng katwiran ang binhi**
**ng kapayapaang inihahasik ng taong maibigin sa kapayapaan.**

**Ang Salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat:

**Salamat sa Diyos.**

## Ikatlong Araw: Para sa mga Magsasaka at mga Makakalikasan

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang mga nagbubungkal ng lupa at nagmamalasakit**
**sa aming mga likas na yaman**
**nang ang lahat ay may makain, mapangalagaan**
**at mapanatili ang balanse sa sangnilikha,**
**at maisulong at mapagtibay ang katarungan**
**at karapatang pantao para sa kabutihan ng lahat. Amen.**

Pagbasa: Deuteronomio 8: 7-11

**Pagbasa mula sa aklat ng Deuteronomio**

**"Dadalhin kayo ng Panginoon ninyong Diyos**
**sa isang mainam na lupain, lupaing sagana sa tubig,**
**maraming batis at bukal na umaagos sa mga burol at mga kapatagan.**
**Sagana rin doon sa trigo, sebada, ubas, igos, granada, olibo at pulot.**
**Doon ay hindi kayo magkukulang**
**ng pagkain o anumang pangangailangan.**
**Ang mga bato roon ay makukunan ng bakal**
**at makukunan ng mga tanso ang mga burol.**
**Mananagana kayo roon sa lahat ng bagay,**
**at pupurihin ninyo ang Panginoon dahil sa mga ginawa niya sa inyo."**

**“Huwag ninyong kalilimutan ang Panginoon.
Sundin ninyo ang kanyang mga utos.
Kung kayo’y namumuhay na nang sagana,
nakatira na sa magagarang tahanan,
at marami nang alagang hayop,
at marami nang natipong pilak at ginto,
huwag kayong magmamataas.
Huwag nga ninyong kalilimutan ang Panginoon
na nagpalaya sa inyo mula sa pagkaalipin ng bansang Egipto.
Siya ang pumatnubay sa inyo sa inyong paglalakbay
sa malawak at nakatatakot na ilang
na puno ng makamandag na mga ahas at alakdan.
Nang wala kayong mainom,
nagpabukal siya ng tubig mula sa isang malaking bato.
Kayo’y pinakain niya roon ng manna,
isang pagkaing di ninyo kilala.
Pinaranas rin niya kayo ng hirap
para kayo’y subukin, at turuang magpakumbaba;
ang lahat ng iyo’y sa ikabubuti rin ninyo.
Kaya, huwag ninyong isasaloob
na ang kayamanan ninyo’y bunga ng sariling lakas at kakayahan.
Alalahanin ninyong siya ang nagbibigay sa inyo ng lakas
upang managana kayo,
at ito’y bilang pagtupad niya sa kanyang pangako
sa inyong mga ninuno.”**

**Ang Salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat:

**Salamat sa Diyos.**

## Ika-apat na Araw: Para sa mga Mangangalakal at Sektor ng Pananalapi

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang mga bahay-kalakal at mga pangpananalaping-institusyon,**
**Paggawa at Pangangasiwa, ang mga walang-hanapbuhay**
**at mababang-estado ng ikinabubuhay**
**upang puspusin mo sila ng pagmamahal**
**at hangarin nila ang tamang pag-unlad ng kanilang kapwa,**
**mabubuting bagay ay kamtin ng lahat,**
**mapawi ang pagkakabukod-bukod,**
**ang pagkakapantay-pantay at katarungan**
**ay mamayani sa ating bansa. Amen.**

Pagbasa: Isaias 58:6-11

**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias**

**Ang sinasabi ng Panginoon:**
**“Ito ang gusto kong gawin ninyo:**
**tigilan na ninyo ang pang-aalipin;**
**sa halip ay pairalin ang katarungan;**
**ang mga api’y palayain ninyo at tulungan.**
**Ang mga nagugutom ay inyong pakanin,**
**patuluyin sa inyong tahanan ang walang tirahan.**
**Yaong mga tao na halos hubad na ay inyong paramtan,**
**ang inyong pagtulong sa mga kasama ay huwag tatalikdan.**
**At kung magkagayon, matutulad kayo sa bukang-liwayway,**
**hindi maglalao’t gagaling ang inyong sugat sa katawan,**
**Ako’y laging sasainyo, ililigtas kayo at iingatan kahit saang lugar.**
**Sa araw na iyon, diringgin ng Panginoon ang dalangin ninyo,**
**pag kayo’y tumawag, ako’y tutugon agad.**
**Kung titigilan ninyo ang pang-aalipin at pagsuway sa akin,**
**at ang masamang salita’y iiwasan,**
**kung ang nagugutom ay pakakanin ninyo at tutulungan,**
**ang kadilimang bumabalot sa inyo**
**ay magiging tila liwanag sa katanghalian.**
**At akong Panginoon ang siyang sa inyo’y laging papatnubay,**
**lahat ng mabuting kailangan ninyo’y aking ibibigay,**

**at palalakasin ang inyong katawan.**
**Kayo'y matutulad sa pananim na sagana sa dilig,**
**matutulad sa batis, na di nawawalan ng agos ng tubig."**

**Ang Salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat:

**Salamat sa Diyos.**

Ikalimang Araw: Para sa mga Pilipinong mag-anak

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang aming mga mag-anak sa kani-kanilang kalalagayan sa kasalukuyan,**
**mga mag-anak na buo,**
**mga pamilyang nag-iisa ang magulang,**
**mga pamilyang nagkawatak-watak.**
**Batid mo ang mga saya at lungkot ng aming mga mag-anak,**
**dahil naranasan mo rin ang mga ito sa buhay mo**
**kasama nina Jesus at Jose**
**sa Nazareth, Betlehem, Ehipto at pabalik sa Nazareth**
**at lalo na sa daan ng Hapis sa Jerusalem at sa Kalbaryo.**
**Bahaginan mo ang bawat kasapi ng aming mag-anak**
**ng iyong pananampalataya, ng iyong pag-asa**
**at ng iyong pag-ibig at lakas ng loob.**
**Ang mga ama at mga lalaki nawa ay tumulad kay Jose**
**at matutong maging mapanagutan at magalang at matuwid.**
**Nawa ang mga ina at kababaihan ay matularan ka**
**sa katatagan, pagmamahal at paham.**
**Ang mga kabataan nawa'y lumaking matalino at kalugod-lugod,**
**malusog at puno ng kagalakan.**
**Nawa ang mga matatanda at hindi pa isinisilang**
**ay mapangalagaan at parehong igalang**
**na buo rin ang karangalan bilang tao. Amen.**

Pagbasa: Colosas 3:12-21

**Pagbasa mula sa sulat ni apostol San Pablo sa mga taga-Colosas**

**Mga kapatid:**

**dahil kayo'y hinirang ng Diyos, minamahal niya at pinili para sa kanya,
dapat kayong maging mahabagin, mabait, mapagpakumbaba,
mahinahon, at mapagtiis. Magpasensiya kayo sa isa't isa
at magpatawad kayo kung may hinanakit kayo kaninuman.
Magpatawad kayo gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Panginoon.
At higit sa lahat, magmahalan kayo,
sapagkat ang pag-ibig ang buklod ng ganap na pagkakaisa.
Paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Kristo,
sapagkat iyan ang dahilan kung bakit kayo tinawag sa iisang katawan.
Magpasalamat kayong lagi.
Ang salita ni Kristo'y hayaan ninyong lubusang manatili
sa inyong puso. Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa
nang may buong karunungan.
Buong puso kayong umawit ng mga salmo, mga himno
at mga awiting espirituwal, nang may pagpapasalamat sa Diyos.
At anuman ang inyong sasabihin o gagawin,
gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus
at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.
Mga babae, mahalin ninyo ang inyong asawa,
sapagkat iyan ang kalooban ng Panginoon.
Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa,
at huwag kayong maging malupit sa kanila.
Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang,
sapagkat iyan ang nakalulugod sa Panginoon.
Mga magulang, huwag ninyong pagagalitan nang labis
ang inyong mga anak at baka masiraan sila ng loob.**

**Ang salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat:

**Salamat sa Diyos.**

## Ika-anim na Araw: Para sa mga Guro at mga Institusyong Pang-edukasyon

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang mga guro at mga institusyon at mga gamit pang-edukasyon.**
**Habang kanilang nililinang**
**ang iba't ibang sangay ng agham at mga sining,**
**mabuksan nawa ang isipan ng kanilang mga mag-aaral**
**sa kaningningan at kagandahan ng Katotohanan ng Diyos. Amen.**

Pagbasa: Sirac 6: 32-37

**Pagbasa mula sa aklat ni Sirac**

**Kung nais mo'y magiging marunong ka;**
**magsikap ka lamang, ikaw ay magiging matalino.**
**Kung mawilihin kang makinig, ikaw ay matututo;**
**at kung pahahalagahan mo ang iyong narinig, ikaw ay dudunong.**
**Kapag dumalo ka sa kapulungan ng matatanda,**
**piliin mo kung sino sa kanila ang marunong at sa kanya ka pumanig.**
**Maging masigasig ka sa pakikinig ng aral ng mga makadiyos,**
**at huwag mong kaliligtaan ang mga makahulugang talinhaga.**
**Kapag nakatagpo ka ng isang matalino,**
**agapan mo ang pagdalaw sa kanya;**
**at puntahan mo siya nang malimit hanggang sa ikaw na lamang ang makapudpod sa pasukan ng kanyang bahay.**
**Sundin mo ang mga batas ng Panginoon,**
**lagi mong pag-aralan ang kanyang Kautusan,**
**at palilinawin niya ang iyong pag-iisip,**
**at kakamtan mo ang karunungang iyong minimithi.**

**Tutugon ang lahat:**

**Salamat sa Diyos.**

## Ikapitong Araw: Para sa mga Kapatid nating Kristiyano

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang mga kapatid naming Kristiyano.**
**Taglay namin ang pangalan ng iyong Anak na si Hesus**
**at pasan namin ang kanyang krus**
**at ipinahahayag ang kanyang Mabuting Balita.**
**Kinikilala ka namin bilang Ina ni Hesus,**
**bagama't ang iba ay hindi ka tinatanggap bilang kanila ring ina.**
**Ipakita mo sa kanila ang iyong pagka-ina.**
**Sa pagtutulungan namin sa ibang mga gawain,**
**panatilihin mong bukas ang landas sa pakikipagtalastas**
**at tulungan mo kaming yumabong sa paggagalangan sa isa't isa,**
**nang abutin namin ang bawat isa sa diwa ng pagmamahal kapatiran**
**at maging mga buháy na saksi**
**sa pananatili ng Panginoong muling nabuhay.**
**Tulad ng mga unang alagad,**
**tipunin mo kami na nagkakaisa sa pananalangin**
**kasama mo at ng isa't isa. Amen.**

Pagbasa: Juan 17: 20 - 26

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan**

**Noong panahong iyon, si Hesus ay tumingala sa langit at nanalangin:**
**"Amang banal, hindi lamang sila ang idinadalangin ko,**
**kundi pati ang mga nananalig sa akin dahil sa kanilang pahayag.**
**Maging isa nawa silang lahat, Ama.**
**Kung paanong ikaw ay nasa akin at ako'y nasa iyo, gayun din naman,**
**maging isa sila sa atin**
**upang maniwala ang sanlibutan na ikaw ang nagsugo sa akin.**
**Ang karangalang ibinigay mo sa akin ay ibinigay ko sa kanila**
**upang sila'y ganap na maging isa, gaya nating iisa:**
**ako'y nasa kanila at ikaw ay nasa akin,**
**upang lubusan silang maging isa.**
**At sa gayun makilala ng sanlibutan na sinugo mo ako,**
**at sila'y iniibig mo katulad ng pag-ibig mo sa akin."**
**"Ama, nais kong makasama sa aking kinaroroonan**

**ang mga ibinigay mo sa akin,**
**upang mamasdan nila ang karangalang bigay mo sa akin,**
**sapagkat inibig mo na ako bago pa nilikha ang sanlibutan.**
**Makatarungang Ama, hindi ka nakikilala ng sanlibutan,**
**ngunit nakikilala kita; at nalalaman ng mga ibinigay mo sa akin**
**na ikaw ang nagsugo sa akin.**
**Ipinakilala kita sa kanila, at ipakikilala pa,**
**upang ang pag-ibig mo sa akin ay sumapuso nila**
**at ako nama'y sumakanila."**

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Tutugon ang lahat:

**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Ikawalong Araw: Para sa mga hindi pa sumasampalataya at mga makasalanan

Intensyon:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang iyong mga minamahal na anak,**
**ang mga tunay na napakalapit sa iyong puso.**
**Ang mga hindi pa sumasampalataya at mga makasalanan**
**at nangangailangan ng pagbabalik-loob.**
**Ano nga ba ang nais ng ina sa kanyang anak?**
**Dama namin ang iyong lungkot para sa mga anak mong ito**
**at nais ka naming aliwin sa pagbabago ng aming buhay**
**at pag-aalay ng pasakit bilang tanda ng pagmamahal namin**
**sa iyo at sa aming kapwa. Amen.**

Pagbasa: Ezekiel 18: 21-23, 30-32

**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Ezekiel**

**Sinasabi ng Panginoon:**
**"Kung ang isang taong masama ay tumalikod sa kanyang kasamaan,**
**sumunod sa aking mga tuntunin, at gumawa ng mabuti,**
**siya ay mabubuhay.**
**Kakalimutan na ang lahat ng nagawa niyang kasalanan**
**at mabubuhay siya dahil sa kabutihang ginawa niya**
**sa bandang huli.**

**Hindi ko ikinasisiya ang kamatayan ng masama," sabi pa ng Panginoon.**
**"Ang ibig ko nga, siya'y magsisi at magbagong buhay.**
**Ngunit kung ang isang taong matuwid ay magpakasama**
**at gumawa ng mga kasuklam-suklam na gawain, hindi siya mabubuhay.**
**Mamamatay siya dahil sa kanyang pagtataksil**
**at sa kasalanang nagawa.**
**Mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng kabutihang**
**ginawa niya noong una.**
**"Marahil ay sasabihin ninyong hindi tama itong ginagawa ko.**
**Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin,**
**ang pamantayan ninyo ang baluktot.**
**Kapag ang isang taong matuwid ay nagpakasama,**
**mamamatay siya dahil sa kasamaang ginawa niya.**
**At ang masamang nagpakabuti at gumawa ng mga bagay na matuwid**
**ay mabubuhay.**
**Dahil sa pagtalikod sa nagawa niyang kasamaan noong una,**
**mabubuhay siya, hindi mamamatay."**

**Ang Salita ng Diyos.**

**Tutugon ang lahat:**

**Salamat sa Diyos.**

IKA-SIYAM NA ARAW: PARA SA LAHAT NG MGA TAO AT MGA BANSA

INTENSYON:

**Sa araw na ito, aming idinadalangin sa Iyong Kalinis-linisang Puso,**
**O Mahal naming Inang Maria,**
**ang buong sanlibutan,**
**lalo na ang mga nagdirigmaang mga bansa,**
**mga bansang dumaranas ng kahirapan**
**at mga kapahamakang dulot ng kalikasan.**
**Ipamalas mo ang iyong pagiging ina ng lahat,**
**tulungan mo kaming iwasan ang daigdig ng digmaan at karahasan,**
**aliwin mo ang mga nalulumbay,**
**kupkupin mo ang mga walang tahanan,**
**maging pag-asa ka sa mga walang inaasahan.**
**Ipanalangin mo na maka-angkop kami**
**sa mga panganib ng malaganap na climate change,**

**mabawasan ang mga kalamidad**
**at makapagligtas ng buhay at ari-arian. Amen.**

Pagbasa: Isaiah 11: 1- 10

**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias**

**Naputol na tulad ng punongkahoy, ang paghahari ng anak ni Jesse.**
**Ngunit katulad ng pag-usbong ng mga bagong sanga sa pinutol na puno,**
**sa lahi niya'y lilitaw ang isang bagong hari.**
**Mananahan sa kanya ang Espiritu a ni Yahweh,**
**ang espiritu ng karunungan at pang-unawa,**
**ng mabuting payo at kalakasan,**
**kaalaman at pagsunod at paggalang kay Yahweh.**
**Kagalakan niya ang sumunod at gumalang kay Yahweh.**
**Hindi siya hahatol ayon sa kanyang nakita,**
**o magpapasya batay sa kanyang narinig.**
**Ngunit hahatulan niya ng buong katuwiran ang mga dukha,**
**at ipagtatanggol ang karapatan ng mga kaawa-awa.**
**Tulad ng pamalo ang kanyang mga salita,**
**sa hatol niya'y mamamatay ang masasama.**
**Maghahari siyang may katarungan,**
**at mamamahala ng may katapatan.**
**Maninirahan ang asong-gubat sa piling ng kordero,**
**mahihiga ang leopardo sa tabi ng batang kambing,**
**magkasamang manginginain ang guya at ang batang leon,**
**at ang mag-aalaga sa kanila'y isang batang paslit.**
**Ang baka at ang oso'y magkasamang manginginain,**
**ang mga anak nila'y mahihigang magkakatabi,**
**ang leon ay kakain ng damo tulad ng baka.**
**Maglalaro ang sanggol sa tabi ng lungga ng ahas,**
**hindi mapapahamak ang batang munti**
**kahit pa isuot nito ang kanyang kamay sa lungga ng ulupong.**
**Walang mananakit o mamiminsala**
**sa nasasaklaw ng aking bundok na pinagpala;**
**sapagkat ang buong mundo ay mapupuno ng mga taong kumikilala kay Yahweh,**
**kung paanong ang karagatan ay napupuno ng tubig.**

**Ang Pagbabalik ng mga Itinapon**

**10 Sa araw na iyon, lilitaw ang isang hari mula sa angkan ni Jesse,**
**at ito ang magiging palatandaan para sa mga bansa.**
**Ang mga bansa'y tutungo sa banal na lunsod upang siya'y parangalan.**
**Sa araw na iyon, muling kikilos ang Panginoon**
**upang pauwiin ang mga nalabi sa kanyang bayan na mga bihag sa Asiria,**
**sa Egipto, sa Patros, sa Etiopia, b sa Elam,**
**sa Sinar, sa Hamat at sa mga pulo sa karagatan.**

Tutugon ang lahat:

**Salamat sa Diyos.**

## 4 Banal na Rosaryo para sa mga Intensyon sa Bawat Araw

1. Sumasampalataya
2. Ama Namin, 3 Aba Ginoong Maria para sa pananampalataya, pag-asa at pag-ibig, Luwalhati
3. Ihayag ang misteryo sa simula ng bawat dekada; 5 dekada
4. Ama Namin, 10 Aba Ginoong Maria, Luwalhati, Panalangin ng Fatima
5. Aba po,
6. Litany of the Blessed Virgin Mary (Optional)
7. Prayer at the End of the Rosary

### Sumasampalataya

**Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapanyayari sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya naman ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos,**
**Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo;**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato;**
**ipinako sa krus, namatay at inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao;**
**nang may ikatlong araw nabuhay na magmuli.**
**Umakyat sa langit;**
**naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyayari sa lahat.**
**Doon magmumula't pariritong huhukom**
**sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa Banal na Simbahang Katolika;**
**sa kamsamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na magmuli ng mga nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

### Ama Namin

**Ama Namin, sumasalangit ka.**
**Sambahin ang ngalan mo.**
**Mapasaamin ang kaharian mo,**
**Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit.**
**Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw,**
**At patawarin mo kami sa aming mga sala,**
**Para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin**
**At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso,**
**At iadya mo kami sa lahat ng masama.**

### Hail Mary

**Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya,**
**ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo,**
**bukod kang pinagpala sa babaeng lahat**
**at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.**
**Santa Maria, Ina ng Diyos,**
**ipanalangin mo kaming makasalanan,**
**ngayon at kung kami y mamamatay. Amen.**

### Glory

**Luwalhati sa Ama, Anak, at sa Espiritu Santo.**
**Kapara nang sa unang-una,**
**ngayon at magpakailan man,**
**magpasawalang hanggan. Amen.**

### Fatima Prayer

**O Hesus ko,**
**patawarin mo ang aming mga sala.**
**Iligtas mo kami sa apoy ng impyerno.**
**Hanguin Mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo.**
**Lalung-lalo na yaong mga walang nakakaalaala.**

### Aba Po Santa Mariang Reyna

**Aba Po Santa Mariang Reyna, Ina ng awa,**
**ikaw ang kabuhayan at katamisan;**
**aba, pinananaligan ka namin.**
**Ikaw ang tinatawag namin,**
**pinapanaw ng taong anak ni Eba.**
**Ikaw rin ang pinagbubuntuhang-hininga namin**
**ng aming pagtangis dito sa lupang bayang kahapis-hapis.**
**Ay aba pintakasi ka namin,**
**ilingon mo sa amin ang mga mata mong maawain,**

at saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin,
ipakita mo sa amin ang iyong anak na si Jesus.
Santa Maria, Ina ng Diyos,
maawain at maalam at matamis na Birhen.

### Panalangin sa Pagwawakas ng Rosaryo

V. Ipanalangin mo kami, O Banal na Ina ng Diyos.

R. Nang kami'y maging dapat makinabang ng mga pangako ni Hesukristo.

V: Manalangin tayo.

Lahat: Diyos at Panginoon namin na ang bugtong na Anak mo ay siyang ipinapagkamit namin ng kagalinga't kabuhayang walang hanggan sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli, ipagkaloob mo, hinihiling namin sa iyo, na sa pagninilay-nilay namin, nitong mga Misteryo ng Santo Rosario ni Santa Mariang Birhen, ay hindi lamang matularan namin ang mga magagaling na halimbawang nalalarawan doon kundi makamtan namin ang mga kagalingang ipinangako sa amin alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin na kapisan mo at ng Espiritu Santo nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan. Amen.

## Ang mga Misteryo ng Rosaryo

### Ang mga Misteryo ng Tuwa

1. Ang pagbati ng anghel sa mahal na Birhen.
2. Ang pagdalaw ng Birheng Maria kay Santa Isabel.
3. Ang pagsilang sa daigdig ng Anak ng Diyos.
4. Ang paghahain sa Templo sa Anak ng Diyos.
5. Ang pagkakita kay Hesus sa Templo ng Jerusalem.

### Ang mga Misteryo ng Liwanag

1. Ang pagbibinyag kay Hesus sa Ilog Jordan.
2. Ang pagpapahayag ni Hesus ng kanyang sarili sa kasalan sa Cana.
3. Ang pagpapahayag ni Hesus ng Kaharian ng Diyos, sa pagtawag patungo sa pagbabago.
4. Ang pagbabagong-anyo ni Hesus sa bundok ng Tabor.
5. Ang pagtatatag ni Hesus ng Banal na Eukaristiya, bilang pagpapahayag na Sakramental ng Misteryong Paskwal.

### Ang mga Misteryo ng Hapis

1. Ang pananalangin ni Hesus sa halamanan ng Getsemani.
2. Ang paghampas kay Hesus sa haliging bato.
3. Ang pagpapatong ng koronang tinik.
4. Ang pagpapapasan ng krus.
5. Ang pagpapako at pagkamatay ni Hesus sa krus.

### Ang mga Misteryo ng Luwalhati

1. Ang pagkabuhay ng mag-uli ni Hesus.
2. Ang pag-akyat sa langit ni Hesus.
3. Ang pagbaba ng Espiritu Santo sa mga apostoles.
4. Ang pag-akyat sa langit ng Mahal na Birhen.
5. Ang pagpuputong ng korona sa Mahal na Birhen.

Linggo:

- Adbiyento at Pasko: Tuwa
- Kuwaresma hanggang Biyernes Santo: Hapis
- Karaniwang Panahon at Pasko ng Pagkabuhay: Luwalhati

Lunes: Tuwa

Martes: Hapis

Miyerkules: Luwalhati

Huwebes: Liwanag

Biyernes: Hapis

Sabado: Tuwa

## Litany of the Blessed Virgin Mary (Optional)

V. Panginoon, maawa ka sa amin.
V. Panginoon, maawa ka sa amin.
V. Kristo, maawa ka sa amin.
V. Kristo, maawa ka sa amin.
V. Panginoon, maawa ka sa amin.
V. Panginoon, maawa ka sa amin.
V. Kristo, pakinggan mo kami.
V. Kristo, pakinggan mo kami.
V. Kristo, paka-pakinggan mo kami.
V. Kristo, paka-pakinggan mo kami.


R. Kaawaan mo kami.
V. Diyos Ama sa langit,
V. Diyos Anak na tumubos sa sanglibutan,
V. Diyos Espiritu Santo,
V. Santisima Trinidad na tatlong Persona at iisang Diyos,
R. Ipanalangin mo kami.
V. Santa Maria,
V. Santang Ina ng Diyos,
V. Santang Birhen ng mga Birhen,
V. Ina ng Kristo,
V. Ina ng Simbahan
V. Ina ng grasya ng Diyos,
V. Inang kasakdal-sakdalan,
V. Inang walang malay sa kahalayan,
V. Inang 'di malapitan ng masama,
V. Inang kalinis-linisan,
V. Inang ipinaglihi na walang kasalanan,
V. Inang kaibig-ibig,
V. Inang kataka-taka,
V. Inang halimbawa ng bawat Ina,
V. Ina ng mabuting kahatulan,
V. Ina ng may gawa sa lahat,
V. Ina ng mapag-adya,
V. Birheng kapaham-pahaman,
V. Birheng dapat igalang,
V. Birheng dapat ipagbantog,
V. Birheng makapangyayari,
V. Birheng maawain,
V. Birheng matibay na loob sa magaling,
V. Birheng tapat,
V. Salamin ng katuwiran,
V. Luklukan ng karungunan,
V. Mula ng tuwa namin,
V. Dambana ng Espiritu,
V. Dangal ng Israel,
V. Sisidlan ng kabanalan,
V. Sisidlan ng bunyi at bantog,
V. Sisidlan ng bukod-tanging katimtiman
V. Rosang bulaklak ng 'di mapuspos ng bait sa tao ang halaga,
V. Torre ni David,
V. Torreng garing,
V. Bahay na ginto,
V. Kaban ng tipan,
V. Pinto sa langit,
V. Talang maliwanag,
V. Mapagpagaling sa mga maysakit,
V. Pagsasakdalan ng mga taong makasalanan,
V. Mapang-aliw sa nangagdadalamhati,
V. Mapag-ampon sa mga kristiyano,
V. Reyna ng mga anghel,
V. Reyna ng mga patriarka,
V. Reyna ng mga propeta,
V. Reyna ng mga apostol,
V. Reyna ng mga martir,
V. Reyna ng mga confesor,
V. Reyna ng mga Birhen,
V. Reyna ng lahat ng mga santo,
V. Reynang ipinaglihi na 'di nagmana ng salang orihinal,
V. Reynang iniakyat sa langit,
V. Reyna ng kasantu-santosang Rosaryo,
V. Reyna ng mga mag-anak,
V. Reyna ng kapayapaan.

## 5 Pangwakas na Panalangin sa araw-araw:

**Manalangin tayo.**
**O Birheng Maria, Ina ng Diyos at amin ding Ina,**
**sa iyong Kalinis-linisang Puso,**
**itinatalaga namin ang aming sarili,**
**at lubos na ipinagkakatiwala at iniaalay sa Panginoon.**
**Sa iyo, kami ay aakayin mo kay Kristong iyong Anak**
**at bugtong na Anak ng Ama, at sa kanya naman at kasama niya, s**
**a Diyos Amang walang hanggan.**
**Puspos ng banal na Espiritu,**
**maglalakbay kami sa liwanag ng pananampalataya,**
**ng pag-asa at ng pag-ibig**
**upang ang sanlibutan ay manalig na si Kristo ang isinugo ng Ama**
**upang ihatid ang kanyang Salita**
**at kami, na kanya namang isinugo,**
**ay ipahahayag ang kanyang aral at pag-ibig**
**hanggang sa dulo ng daigdig.**

**Kaya't sa ilalim ng makainang pag-aalaga**
**ng iyong Kalinis-linisang puso,**
**tinipon ng Banal na Espiritu,**
**kami ay magiging isang sambayanan kay Kristo,**
**tinubos ng kanyang kamatayan at mga saksi ng kanyang pagkabuhay,**
**sa pamamagitan niya, aakayin patungo sa Ama**
**para sa ikadarakila ng Banal na Santatlo**
**na aming sinasamba, pinupuri at pinagbubunyi**
**magpasawalang hanggan. Amen.**

## 6 Awit sa Mahal na Ina



# THE HOLY MASS

## OBLIGATORY MEMORIAL OF THE IMMACULATE HEART OF MARY

# PASIMULA

**Kapag natitipon na ang sambayanan, ang Obispo, mga pari at mga tagapaglingkod ay lalakad patungo sa dambana samantalang ang awiting pambungad ay ginaganap.**

PAMBUNGAD: SALMO 13, 6

**Ang puso ko'y nagagalak**
**sa D'yos na Tagapagligtas.**
**Ang Panginoong lumingap**
**aawitan kong may galak**
**sa mabuting iginawad.**

**Pagsapit sa dambana, ang Obispo, mga pari, at mga tagapaglingkod ay magbibigay-galang alinsunod sa hinihinging paraan. Magbibigay-galang ang pari sa dambana sa pamamagitan ng paghalik sa ibabaw. Kung minamabuti niya, maiinsensuhan niya ito. Pagkatapos, ang pari ay paroroon sa kanyang upuan.**

**Matapos ang awiting pambungad, habang nakatayo ang lahat, ang Obispo at ang mga tao ay magkukrus. Ipahahayag ng paring nakaharap sa mga tao:**

**Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.**

Sasagot ang mga tao:

**Amen.**

Ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay bilang pagbati sa mga tao, habang ipinahahayag:

**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo,**
**ang pag-ibig ng Diyos Ama,**
**at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo**
**nawa'y sumainyong lahat.**

o kaya:

**Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin**
**at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo.**

o kaya:

**Sumainyo ang Panginoon.**

o kaya, kapag ang nagmimisa ay Obispo:

**Sumainyo ang kapayapaan.**

Sasagot ang mga tao:

**At sumaiyo rin.**

**Ang pari o ang diyakono o sinumang angkop na tagapaglingkod ay makapagbibigay ng maikling paliwanag tungkol sa buod ng Misang ipagdiriwang.**

## Pagsisisi sa Kasalanan

Susunod na gaganapin ang pagsisisi sa kasalanan. Aanyayahan ng pari ang mga tao:

**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan**
**upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang.**

Magkakaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos nito, lahat ay sabay-sabay na aamin sa nagawang kasalanan.

**Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos,**
**at sa inyo, mga kapatid,**
**na lubha akong nagkasala**

Ang lahat ay dadagok sa dibdib.

**sa isip, sa salita, sa gawa**
**at sa aking pagkukulang.**
**Kaya isinasamo ko**
**sa Mahal na Birheng Maria,**
**sa lahat ng mga anghel at mga banal**
**at sa inyo, mga kapatid,**
**na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

Ipahahayag ng pari ang pagpapatawad:

**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,**
**patawarin tayo sa ating mga kasalanan,**
**at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**

Sasagot ang mga tao:

**Amen.**

Isusunod ang mga pagluhog na "Panginoon, kaawaan mo kami," maliban kapag naganap na ito kaugnay ng ibang paraan ng pagsisisi sa kasalanan:

Pari: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Pari: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Pari: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

O KAYA:

Aanyayahan ng pari ang mga tao:

**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan**
**upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang**
**ng banal na paghahaing nagdudulot**
**ng kapatawaran ng Maykapal.**

Magkakaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos nito, ipahahayag ng pari:

**Panginoon, kami'y nagkasala sa iyo.**

Sasagot ang mga tao: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Ipahahayag ng pari: **Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.**

Sasagot ang mga tao: **Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.**

Ipahahayag ng pari ang pagpapatawad:

**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,**
**patawarin tayo sa ating mga kasalanan**
**at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**

Sasagot ang mga tao: **Amen.**

Isusunod ang mga pagluhog na "Panginoon, kaawaan mo kami," maliban kapag naganap na ito kaugnay ng ibang paraan ng pagsisisi sa kasalanan:

Pari: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Pari: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Pari: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

O KAYA:

Aanyayahan ng pari ang mga tao:

**Mga kapatid, tinipon tayo bilang kaanib ng angkan ng Diyos,**
**kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad ng lubos.**

Magkakaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos, ipahahayag ng pari o ng sinumang angkop na tagapaglingkod ang mga sumusunod

Namumuno: **Hinirang na magdala ng mabuting balita**
**sa mahihirap: Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Namumuno: **Hinirang upang maging Mesiyas**
**na tagapagligtas ng sangkatauhan:**
**Kristo, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Kristo, kaawaan mo kami.**

Namumuno: **Hinirang na paring walang hanggan**
**na namamagitan para sa aming kapakanan:**
**Panginoon, kaawaan mo kami.**

Bayan: **Panginoon, kaawaan mo kami.**

Ipahahayag ng pari ang pagpapatawad:

**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,**
**patawarin tayo sa ating mga kasalanan,**
**at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**

Sasagot ang mga tao: **Amen.**

## Papuri

Aawitin ng lahat:

**Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin, dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin.**
**Sapagka't ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## Panalanging Pambungad

Pagkaraan ng awit, magkadaop ang mga kamay na ipahahayag ng pari:

**Manalangin tayo.**

Ang lahat kaisa ng pari ay tahimik na mananalangin nang saglit. Pagkalipas ng ilang sandali, ilalahad ng pari ang kanyang kamay at ipahahayag ang panalanging pambungad.

**Ama naming makapangyarihan,**
**sa puso ng Mahal na Birheng Maria,**
**ipinaghanda mo ng marapat na tahanan ang Espiritu Santo.**
**Bilang tugon sa pagdalangin ng Mahal na Birhen para sa amin,**
**pagindapatin mong kami'y maging handa**
**bilang tahanan ng iyong kapurihan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Sasagot ang mga tao ng pagbubunyi:

**Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## Pagbasa I — Isaias 61, 9-11

*Ako'y magpupuri sa aking Panginoon.*

**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias**

**Itong lahi ng aking bayan**
**ay makikilala sa lahat ng bansa,**
**pati anak nila'y**
**makikilala rin sa gitna ng madla;**
**sila'y kikilanling anak ng Panginoon saanman makita,**
**at tatawaging bayang pinagpala, hinirang ng Panginoon.**
**At ang Jerusalem**
**sa ginawang ito'y pawang malulugod,**
**anaki'y dalagang gayak ay pangkasal,**
**siya'y parang dinamtan**
**ng kaligtasan at pagtatagumpay.**
**Kung paanong ang binhi**
**ay tiyak na tutubo at sisibol,**
**gayun ang pagliligtas ng Panginoon**
**sa bayang kanyang hinirang.**
**Dahil dito, lahat ng bansa**
**ay magpupuri sa kanya.**

**Ang Salita ng Diyos.**

**Sasagot ang lahat:**
**Salamat sa Diyos.**

## Salmong Tugunan — 1 Samuel 2, 1. 4-5. 6-7. 8abkd

**Tugon (1a):** **Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas.**

**Pinupuri ko kayo, Poon,**
**dahil sa kaloob ninyo sa akin.**
**Pinagtatawanan ko ngayon ang aking mga kaaway,**
**sapagkat iniligtas ninyo ako sa kadustaan.**

Tugon (1a): **Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas.**

**Nagapi ninyo ang mga makapangyarihan,
at pinalalakas ninyo ang mahihina.
Kaya, ang dating mayayaman ay nagpapaupa para mabuhay.
Masagana ngayon ang dating maralita.
Ang dating baog, nagsilang ng mga anak,
at ang maraming supling ay sa lungkot nasadlak.**

Tugon (1a): **Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas.**

**Kayo, Poon, ay may kapangyarihang magbigay o bumawi ng buhay.
Maaari ninyo kaming patayin, maaari ring buhayin.
Maaari ninyo kaming payamanin o paghirapin.
Maaari ring ibaba o itaas.**

Tugon (1a): **Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas.**

**Napadadakila ninyo kahit ang pinakaaba,
mahahango sa kahirapan kahit ang pinakadukha.
Maihahanay ninyo sila sa mga maharlika,
mabibigyan ng karangalan kahit na ang dustang-dusta.**

Tugon (1a): **Diyos kong Tagapagligtas, pinupuri kitang wagas.**

Tatayo ang lahat para sa Mabuting Balita. Aawitin ang Aleluya.

ALELUYA: LUCAS 2, 19

Espiritu ng Poong D'yos
sa akin ay lumulukob.
Ako'y sugo niyang lingkod
nang sa dukha'y maidulot
ang balita ng pagtubos.

Samantalang ginaganap ang pag-awit, maglalagay ng insenso sa insensaryo ang pari kung minamabuting gamitin ito.

Pagkaraan, ang diyakonong magpapahayag ng Mabuting Balita ay yuyuko sa harap ng pari at hihilingin niya ang pagpapala sa mahinang tinig:

Padre, ako po ay inyong gawaran ng pagpapala.

Ang pari ay mangungusap nang mahina:

Sa iyong puso at sa iyong mga labi manahan nawa ang Panginoon
upang marapat mong maipahayag ang kanyang Mabuting Balita,
sa ngalan ng Ama at ng Anak ✠ at ng Espiritu Santo.

Ang diyakono ay sasagot: Amen.

Kapag walang diyakono, ang paring nakayuko sa gawing dambana ay magdarasal nang pabulong:

Makapangyarihang Diyos,
gawin mong dalisay ang aking puso at mga labi
upang marapat kong maipahayag ang Mabuting Balita.

Pagkaraan, ang diyakono o ang pari ay paroroon sa pook ng pagbasa tangan ang Aklat ng Mabuting Balita. Magagawa ito ng paprusisyon na nilalahukan ng mga tagapaglingkod na may dalang insensaryo at mga kandila.

*Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso*

Ihahayag ng tagapaglahad: **Sumainyo ang Panginoon.**

Sasagot ang mga tao: **At sumaiyo rin.**

Ihahayag ng diyakono o pari:

**✠ Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas**

Samantala'y kukrusan niya ang aklat, ang kanyang noo, ang kanyang bibig, at ang kanyang dibdib.

Magbubunyi ang mga tao: **Papuri sa iyo, Panginoon.**

Pagkaraan, iinsensuhan ng diyakono o ng pari ang aklat kung ginagamit ang insenso at ipahahayag niya ang Mabuting Balita.

**Taun-taon, tuwing Pista ng Paskuwa,
ang mga magulang ni Hesus ay pumupunta sa Jerusalem.
At nang labindalawang taon na siya,
pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa.
Pagkatapos ng pista, sila'y umuwi na.
Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem
ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang.
Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama ng isa,
nagpatuloy sila sa maghapong paglalakbay.
Nang malaman nilang hindi siya kasama,
siya'y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala.
Hindi nila siya matagpuan,
kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin.
At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus sa loob ng templo,
nakaupong kasama ng mga guro.
Nakikinig siya sa kanila at nagtatanong;
at ang lahat ng nakarinig sa kanya
ay namangha sa kanyang katalinuhan.
Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang siya'y makita.
Sinabi ng kanyang ina,
"Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin?
Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo."
Sumagot siya, "Bakit po ninyo ako hinahanap?
Hindi ba ninyo alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?"
Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito.**

**Siya'y umuwing kasama nila sa Nazaret,**
**at naging isang masunuring anak.**
**Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina**
**sa kanyang puso.**

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Magbubunyi ang lahat:

**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

Hahalikan ang aklat habang dinarasal ng pabulong:

Magbunga nawa itong pagpapahayag ng Mabuting Balita
ng pagkapawi ng mga kasalanan.

## Homiliya

lsusunod naman ang homiliya.

Hindi gaganapin ang Sumasampalataya.

## Panalangin ng Bayan

Sisimulan ng pari ang Panalangin mula sa kanyang upuan:

**Makiisa tayo sa kalagayan ng ating mga kapatid,**
**atin silang ipanalangin sa Ama nating Diyos,**
**sabihin natin: Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.**

Ang mga luhog ay ihahayag sa ambo.

1. **Para sa Santo Papa, mga obispo, pari, relihiyoso at relihiyosa, at mga layko, upang umigting ang kanilang pagsunod at pakikipagkaisa kay Kristo upang higit nilang mapaglingkuran ang Diyos at ang kanyang Sambayanan, lalo na ang mga dukha, manalangin tayo sa Panginoon.**
2. **Para sa mga nasa pamahalaan, mga opisyal na ating inihalal, mga lingkod bayan, pulis at sundalo, upang gabayan sila sa kanilang tungkuling pagbutihin ang kalagayan ng lahat ng mamamayan upang mamayani ang katarungan, katotohanan, kapayapaan at kaunlaran, manalangin tayo sa Panginoon.**
3. **Upang ang kalikasan ay mapangalagaan at manumbalik ang kaayusan ng daigdig nang makapamuhay ang lahat ng malusog at may ikinabubuhay, manalangin tayo sa Panginoon.**

4. **Upang ang umunlad ang kabuhayan ng lahat, upang ang mga manggagawa ay makakuha ng makatarungang bahagi ng kanilang pinagpaguran, at upang mamayani ang pagbibigayan sa tunay na ikauunlad ng bayan, manalangin tayo sa Panginoon.**
5. **Upang magmahalan ang mga mag-anak, alagaan, mahalin at hubugin ng mga magulang ang kanilang anak upang makamtan nila ang kanilang mga pangarap, upang mahalin at sundin ng mga anak ang kanilang mga magulang, at upang pangalagaan ang mga nakatatanda at ang mga hindi pa naipanganganak, manalangin tayo sa Panginoon.**
6. **Upang patatagin sa kasipagan ang ating mga guro upang magampanan nila ang mahalagang tungkulin na magbahagi ng karunungan sa kabataan, at upang magsipag sa pag-aaral ang kabataan upang matanto nila ang katotohanan at ang Diyos, manalangin tayo sa Panginoon.**
7. **Upang ang lahat ng nananalig kay Kristo ay magkaisa at maging isang kawan, isang angkan ng Diyos, isang Katawan ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon.**
8. **Upang ang mga hindi naniniwalang may Diyos at mga taong tumalikod na sa kanya ay maranasan ang pag-ibig ng Diyos, at upang sila ay maging mabuti at makatarungang mga tao, manalangin tayo sa Panginoon.**
9. **Upang ang lahat ng tao at bansa ay magsikap tungo sa kapayapaan at tunay na kaunlaran para sa ikabubuti ng lahat, manalangin tayo sa Panginoon.**

Wawakasan ng pari ang panalangin:

**Diyos Ama naming mapagmahal, ipinagkaloob mo sa Hesukristo sa amin**
**upang maging tulad namin sa lahat ng bagay**
**at ipakita ang tunay naming pagkatao.**
**Ipinagkaloob mo din si Maria upang maging aming Ina at halimbawa.**
**Itinataas namin ang aming luhog para sa mga iniibig at kinakalinga nila.**
**Dinggin mo ang aming panalangin at ipagkaloob mo ang iyong pagpapala**
**sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon**
**magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat: **Amen.**

# PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

## Panalangin ukol sa mga Alay

Pagbalik ng pari sa gawing gitna ng dambana, ilalahad niya ang kanyang kamay sa mga tao at muli niyang pagdaraupin habang kanyang ipinahahayag:

**Manalangin kayo, mga kapatid,**
**upang ang paghahain natin ay kalugdan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan.**

Sasagot ang mga tao:

**Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Pagkaraa'y, ilalahad ng pari ang kanyang mga kamay at darasalin niya ang Panalangin Ukol sa mga Alay.

**Ama naming Lumikha,**
**tunghayan mo ang aming pagdalangin at mga alay**
**ngayong ginugunita namin ang Mahal na Birheng Maria**
**upang makamtan namin ang tulong ng iyong habag**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

Sasagot ang mga tao:

**Amen.**

## PANALANGIN NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT

**Pari:** **Sumainyo ang Panginoon**

**Bayan:** **At sumaiyo rin.**

**Pari:** **Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.**

**Bayan:** **Itinaas na namin sa Panginoon.**

**Pari:** **Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.**

**Bayan:** **Marapat na siya ay pasalamatan.**

## UNANG PAGBUBUNYI O PREPASYO TUNGKOL SA MAHAL NA BIRHENG MARIA

### Si Maria ang Ina ng Diyos

**Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat na ikaw
ay aming pasalamatan
ngayong ginugunita namin
ang kalinis-linisang puso ni Maria.**

**Bukod mong pinagpala sa babaing lahat
ang Mahal na Birheng totoong mapalad
na iyong piniling maging Ina ng iyong Anak
noong isugo mo siya bilang aming Mesiyas.
Sa kapangyarihan ng Espiritung Banal
ang Birheng Maria ay naging Inang tunay
ng iyong Anak na kanyang isinilang
bilang liwanag nitong sanlibutan.**

**Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:**

**Banal ka, Poong Maykapal...** o kaya: **Santo, Santo, Santo...**

Panalangin ng Pagpupuri at Pasasalamat II o kaya III (Nasa Aklat ng Pagmimisa sa Roma)

## IKALAWANG PAGBUBUNYI O PREPASYO TUNGKOL SA MAHAL NA BIRHENG MARIA

Ang Simbahan ay nakikiisa sa awit ng pagpupuri ni Maria

**Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.**

**Bukod mong pinagpalang maging Ina ni Hesukristo
ang Mahal na Birheng nagpupuri at nagagalak sa iyo.
Ikaw ang gumawa ng tanang dakilang bagay.
Ikaw ang lumilingap sa lahat kailanman.
Nilingap mo ang Mahal na Birhen
bilang iyong abang alipin
na iyong binigyan ng tungkuling
kumalinga sa Anak mong Manunubos namin.**

**Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:**

**Banal ka, Poong Maykapal...** o kaya: **Santo, Santo, Santo...**

Panalangin ng Pagpupuri at Pasasalamat II o kaya III (Nasa Aklat ng Pagmimisa sa Roma)

Pakikinabang: Santiago 5, 16. 17

**Ang salitang bumubuhay**
**ay laging iniingatan**
**sa puso ng Inang mahal.**
**Angkin nitong kahulugan**
**lagi n'yang pinagninilay.**

## Panalangin Pagkapakinabang

**Ang pari ay titindig sa harap ng upuan o sa gawi ng dambana at paharap sa mga nagsisimbang magpapahayag:**

**Manalangin tayo.**

**Kung di pa nagaganap ang tahimik na pagdalangin, ito ay gagawin ngayon, at pagkaraan, ang Panalangin Pagkapakinabang ay ipahahayag ng paring nakalahad ang mga kamay.**

**Ama naming mapagmahal,**
**ngayong aming pinagsaluhan**
**ang piging ng walang hanggang kaligtasan,**
**mapuspos nawa sa kasaganaan ng iyong pag-ibig**
**kaming gumanap sa paggunita sa Mahal na Birheng Maria**
**upang patuloy naming madama**
**ang walang patid na daloy ng katubusan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

**Sa katapusan, ang sambayanan ay tutugon:**

**Amen.**

**Isusunod ang Panalangin ng Pagtatalaga sa Kalinis-linisang Puso ni Maria. Luluhod ang lahat sa harap ng imahen ng Kalinis-linisang Puso ni Maria. Pamumunuan ng Obipso ang Pagtatalaga.**

## Panalangin ng Pagtatalaga sa Kalinis-linisang Puso ni Maria

**"O Mahal na Ina ng Diyos, lumalapit kami sa iyong kalinga."**
**Habang sinasambit namin ang bawat kataga ng awiting ito**
**na daang taon nang dinarasal ng Simbahan ni Kristo,**
**humaharap kami sa iyo, aming ina,**
**ngayong Taon ng Pananampalataya.**
**Kami na bumubuo ng "Katawan ni Kristo" sa bayang ito**
**ay naghahayag sa mga salitang ito ng aming Pagtatalaga at Paghahabilin,**
**kung saan napapaloob, una sa lahat,**
**ang pag-asa at agam-agam ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyan.**

**O Ina ng sambayanang nagagalak na tawaging**
**"pueblo amante de Maria," bayang sumisinta kay Maria,**
**batid mo ang lahat ng aming mga pagdurusa at pag-asa.**
**Natatanto mo bilang Ina ang mga tunggalian**
**sa pagitan ng kabutihan at kasamaan, ng liwanag at kadiliman,**
**na ngayon ay hinaharap ng daigdig.**
**O Ina ng aming bansa, dinggin mo ang aming hibik**
**na tahasan naming inihahatid sa iyong puso bunsod ng Banal na Espiritu.**

**Yapusin mo nang may pagmamahal ng Ina at Lingkod ng Panginoon,**
**ang aming sambayanan at bansa,**
**na ngayon ay ipinagkakatiwala at itinatalaga namin sa iyo,**
**dahil hangad namin sa bawat isa at sa buong sambayanan**
**ang isang mabuting buhay sa kasalukuyan**
**at ang pagkakamit ng buhay na walang hanggan.**

**"O Mahal na Ina ng Diyos, lumalapit kami sa iyong kalinga;**
**huwag mo nawang tanggihan**
**ang aming mga kahilingan sa aming pangangailangan."**

**O Mahal na Ina ni Kristo, habang natitipon kami sa iyong harapan,**
**habang natitipon kami sa harap ng iyong Kalinis-linisang Puso,**
**nais sana namin na ang Simbahan ng Panginoon sa bayang ito,**
**nagkakaisa sa puso at isipan ng iba pa naming kababayan,**
**isang bayang Pilipino,**
**na makiisa sa pagtatalaga na ginawa ng iyong Anak sa Ama,**
**dahil sa pagmamahal sa amin:**
**"At alang-alang sa kanila'y itinalaga ko ang aking sarili," wika ni Hesus,**

**“upang maitalaga rin sila sa pamamagitan ng katotohanan”
Hangad naming makiisa sa aming Manunubos
sa kanyang pagtatalagang ito para sa sanlibutan
at para sa sangkatauhan, na sa kanyang kamahal-mahalang puso
ay may kapangyarihang magpatawad at maganap ang pagbabayad-puri.**

**Ang bisa ng pagtatalagang ito ng iyong Anak,
ang aming Panginoon ay nananatili sa habang panahon
at para sa bawat tao, mga lipi at mga bansa.
Kabilang rin dito ang ating bayan
Ang kapangyarihan ng pagtatalagang ito
ay makasusupil sa kasamaang inihahasik ng kampon ng kadiliman,
at sa katunayan ay nasa sa puso na ng mga tao sa kasalukuyan.**

**Lubos na naming nadarama ngayon ang pangangailangan
para sa pagtatalaga ng aming bayan, kaisa ni Hesukristo.
Dahil ang gawa ng pagliligtas ng aming Manunubos
ay dapat maibahagi sa mundo, at sa aming kapwa Filipino,
sa pamamagitan ng Simbahan.**

**Bumabaling kami sa iyo, O Ina ng aming Manunubos at aming Ina:
sa lahat ng mga nilikha, pagpalain ka nawa, ikaw ang alipin ng Panginoon,
na tunay na naging masunurin sa tawag ng Panginoon.
Ikaw ang ganap na nakiisa
sa mapangligtas na pagtatalaga ng iyong Anak.**

**O Ina ng Simbahan, liwanagan mo ang Bayan ng Diyos
sa landas ng pananampalataya, pag-asa at pag-ibig.
Tulungan mo kaming mamuhay sa katotohanan
ng pagtatalaga na inialay ni Hesus na iyong Anak para sa sangkatauhan,
at para sa amin, ang sambayanang Filipino
at para sa aming minamahal na bayang tinubuan.**

**Sa paghahabilin namin sa iyo, O mahal naming Ina,
ng aming bayan, ang iyong “pueblo amante de maria,”
ipinagkakatiwala namin sa iyo ang mismong pagtatalagang ito,
na itinatagubilin namin sa iyong maka-inang puso.**

**O Kalinis-linisang puso, tulungan mo kaming magapi ang banta ng kasamaan,**

**na madaling nakapapasok at nag-uugat sa puso**
**ng mga tao sa kasalukuyan,**
**at ang di masukat na epekto nito ay nagpapahirap na sa aming bansa,**
**at nagiging balakid sa maaliwalas na kinabukasan.**

**Mula sa pagkamuhi, karahasan,**
**mga paglalaban-labang naghahati at sumisira sa aming bayan,**
**ipag-adya mo kami.**
**Mula sa paglabag sa buhay ng tao,**
**lalo na sa buhay sa sinapupunan, ipag-adya mo kami.**
**Mula sa paglapastangan sa karangalan ng mga anak ng Diyos,**
**ipag-adya mo kami.**
**Mula sa lahat ng uri ng kawalan ng katarungan sa lipunan,**
**ipag-adya mo kami.**
**Mula sa kahandaang labagin ang mga Utos ng Diyos, ipag-adya mo kami.**
**Mula kawalan ng pang-unawa sa mabuti at masama, ipag-adya mo kami.**
**Mula sa kasalanan laban sa banal na Espiritu, ipag-adya mo kami.**

**Hibik nami'y pakinggan, O Mahal na Ina ni Kristo,**
**lakip nito ang aming pag-asa at mga pasanin,**
**ang mga paghihirap ng bawat isa at ng buong bayan.**
**Sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu,**
**tulungan mo kaming pagtagumpayan at lupigin ang kasalanan;**
**mga kasalanan ng bawat isa at kasalanan ng sanlibutan,**
**ang kasalanan sa lahat ng anyo nito.**

**Ipakita mong muli sa amin, sa kasaysayan namin bilang isang bayan,**
**ang walang hanggang kapangyarihan ng Pagliligtas,**
**ang kapangyarihan ng maawaing pag-ibig.**
**Puksain nawa nito ang kapangyarihan ng kasalanan**
**at kasamaan sa amin! Baguhin nawa nito ang mga budhi ng bawat isa.**

**Ipakita nawa ng iyong Kalinis-linisang Puso sa lahat,**
**sa aming lupain at sa buong mundo, ang liwanag ng pag-asa.**
**O Maria, Ina ni Hesus at aming ina,**
**ikaw ang aming buhay, aming katamisan at aming pag-asa.**

Maaaring mag-alay ng bulaklak sa imahen ng Mahal na Birheng Maria ang mga kinatawan ng iba't ibang sektor ng Simbahan habang umaawit ng angkop na awitin.

# PAGHAYO SA PAGWAWAKAS

Maisusunod, kapag may ipagbibigay-alam, ang mga maikling patalastas na sasabihin sa mga tao. Huwarang Patalastas para sa pagdiriwang na ito p. 000.

Pagkatapos, gaganapin ang paghayo. Ang paring nakalahad ng mga kamay sa mga tao ay magpapahayag:

**Sumainyo ang Panginoon.**

Sasagot ang mga tao: **At sumaiyo rin.**

Ang diyakono o ang pari na rin kapag walang diyakono ang magpapahayag ng paanyaya:

**Magsiyuko tayo habang iginagawad ang pagbabasbas.**

Itataas ng pari ang kanyang mga kamay na lumulukob sa lahat, samantalang inaawit o ipinahahayag niya ang mga pagbabasbas.

**Pagpalain nawa kayo ng Diyos**
**na sa pagsilang ng Anak niya mula sa Mahal na Birhen**
**ay naghatid sa daigdig ng katubusang walang hanggan.**

Bayan: **Amen.**

**Pasiglahin nawa kayo sa malasakit ng Mahal na Birhen**
**na siyang nagbigay sa inyo**
**ng Tagapaghatid ng buhay na walang hanggan.**

Bayan: **Amen.**

**Puspusin nawa ng kagalakan ng Espiritu Santo**
**ang mga nagdiriwang sa pagpaparangal sa Mahal na Birheng Maria**
**upang sa ganitong diwa kayo ay sumapit sa kalangitan**
**na siyang tahanan ng tanan magpasawalang hanggan.**

Bayan: **Amen.**

Babasbasan ng pari ang mga tao habang kanyang ipinahahayag:

**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos,**
**Ama at Anak ✠ at Espiritu Santo.**

Sasagot ang mga tao: **Amen.**

Ang diyakono o ang paring magkadaop ang mga kamay ay magpapahayag ng paghayo sa sambayanan:

**Taglayin ninyo sa inyong pag-alis ang kapayapaan ni Kristo.**

o kaya: **Humayo kayong taglay ang kapayapaan**
**upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran**

Sagot ng mga nagsisimba: **Salamat sa Diyos.**



